**SMG Services**

**Pandaigdigang Patakaran sa Pagkapribado**

Petsa ng Pagkakaroon ng Bisa: Marso 2018

Ang Patakaran sa Pagkapribado na ito ay naiaaplay para sa pagproseso ng SMG ng Personal na Impormasyon na nakolekta sa pamamagitan ng website na ito at ibang mga website, mga serbisyo, at mga application, kasama ang mga mobile application, kung saan naka-post, naka-link o nabanggit ang Patakaran sa Pagkapribado na ito (sa kabuuan, ang "**SMG Services**"). Ang "Personal na Impormasyon" ay impormasyon na kaugnay ng isang kilala o nakikilalang natural na tao. Ang SMG Services ay pag-aari at/o pinatatakbo ng Service Management Group, LLC, Service Management Group Limited, Service Management Group GK, at kani-kanilang mga kasapi (sa kabuuan ang, "**SMG**," "kami" o "tayo"). Ipinapaliwanag ng Patakaran sa Pagkapribado na ito kung paano namin kinokolekta at pinoproseso ang iyong Personal Impormasyon.

SURIIN NANG MABUTI ANG ABISO SA PAGKAPRIBADO NA ITO. Ang iyong Personal na Impormasyon ay kokolektahin at ipoproseso ayon sa inilarawan sa Patakaran sa Pagkapribado na ito.

Kung hindi mo pa nagagawa, suriin ang Mga Tuntunin ng Serbisyo ng SMG, na nagtatakda sa mga tuntunin patungkol sa paggamit mo ng aming mga website, mga application, serbisyo at mga mobile application ("SMG Services).

**KUNG HINDI KA SANG-AYON SA ANUMANG BAHAGI NG PATAKARAN SA PAGKAPRIBADO NA ITO O MGA TUNTUNIN NG SERBISYO, HUWAG GAMITIN ANG ALINMAN SA MGA SERBISYO NG SMG.**


1. **MGA PAGBABAGO SA PATAKARAN SA PAGKAPRIBADO**
2. **MGA KATEGORYA NG PERSONAL NA IMPORMASYON NA PINROSESO NG SMG**
3. **PAANO NAMIN KINOKOLEKTA NG IMPORMASYON AT MGA LAYUNIN NG PAGPOPROSESO**
4. **MGA LEGAL NA BATAYAN SA PAGPOPROSESO**
5. **PAANO NAMIN GINAGAMIT AT IBINABAHAGI ANG PERSONAL NA IMPORMASYON**
6. **PAG-IINGAT AT PAGTATAPON NG PERSONAL NA IMPORMASYON**
7. **ANG MGA KARAPATAN AT PAGPILI MO PATUNGKOL SA PAGPROSESO NG PERSONAL NA IMPORMASYON**
8. **MGA KAHIHINATNAN NG HINDI PAGBIBIGAY NG PERSONAL NA IMPORMASYON**
9. **PATAKARAN SA MGA COOKIE**
10. **PAMAMAHALA NG IMPORMASYON NG IYONG ACCOUNT**
11. **PAGKAPRIBADO NG MGA BATA**
12. **MGA LINK SA MGA SERBISYO NG IKATLONG-PARTIDO**
13. **SEGURIDAD NG IMPORMASYON**
14. **MGA HEOGRAPIKONG KONSIDERASYON AT PAGLIPAT SA IBANG BANSA NG PERSONAL NA IMPORMASYON**
15. **PAANO KAMI KOKONTAKIN**
16. **TAGAKONTROL NG IMPORMASYON AT OPISYAL SA PAGPROTEKTA NG IMPORMASYON**


## 1. MGA PAGBABAGO SA PATAKARAN SA PAGKAPRIBADO NA ITO

Ia-update namin paminsan-minsan ang Patakaran sa Pagkapribado na ito kapag gumawa

kami ng mga pagbabago na makakaapekto sa Patakaran sa Pagkapribado, tulad ng pagdagdag ng mga bagong serbisyo at application, pagpapaganda ng aming mga serbisyo, at pagtugon sa mga pagbabago sa teknolohiya at mga batas. Ang Petsa na Magkakaroon ng Bisa ang Patakaran sa Pagkapribado na ito, na nakatakda sa itaas ng webpage na ito, ay nagpapakita ng petsa kung kailan huling na-update ang Patakaran sa Pagkapribado. Bibigyan ka ng abiso ng SMG kung ang mga pagbabagong ito ay mahalaga at kung inaatas ng naaangkop na batas, kukunin namin ang iyong pahintulot. Ibibigay ang abisong ito sa pamamagitan ng pagpo-post ng abiso sa mga pagbabago sa aming website o sa pamamagitan ng aming mga application.

## 2. MGA KATEGORYA NG PERSONAL NA IMPORMASYON NA IPRINOSESO NG SMG

Nagsasagawa ang SMG ng market research para sa mga kumpanya na nais na mas maunawaan ang mga kagustuhan ng mga mamimili tungkol sa kanilang mga produkto at serbisyo. Ang mga kumpanyang ito ay ang aming "**Mga Kliyente**."

Nagsasagawa kami ng mga survey para sa aming mga Kliyente (sa kabuuan, "**Mga Survey**") at gagamitin ang impormasyong iyon para makuha ang mga pananaw ng mamimili, tulad ng kung saan, kailan at gaano kadalas bumibisita ang mga mamimili sa mga retail na lokasyon at kanilang mga karanasan sa mga pagbisita. Kapag sasagot ka ng isang Survey o ginamit ang SMG Services, kokolektahin namin ang Personal na Impormasyon na boluntaryo mong ibibigay sa amin.

Kasama sa Personal na Impormasyon na kinokolekta namin ang: (1) impormasyon sa pag-kontak (tulad ng e-mail address, numero ng telepono at employer); (2) demograpikong impormasyon (tulad ng kasarian, petsa ng kapanganakan at zip code);
(3) iyong mga sagot sa mga survey sa lawak na ang impormasyon ay kumikilala sa iyo o nakaugnay sa iyo bilang indibidwal na taong nakikilala; at (4) impormasyong may kaugnayan sa paggamit mo ng SMG Services ("Impormasyon sa Paggamit").

Kasama sa Impormasyon sa Paggamit na kinokolekta namin ang: (1) IP address; (2) domain server; (3) uri ng (mga) device na ginagamit para ma-access ang Mga Serbisyo; (4) mga estadistika at impormasyon sa interaksiyon sa pagitan ng iyong browser o device, tulad ng modelo ng device, carrier/network, impormasyon sa buhay ng baterya para ma-optimize ang sampling ng lokasyon batay sa natitirang buhay ng baterya, at mga pangunahing estadistika sa paggamit tungkol sa iyong device; (5) real-time na GPS o ibang geolocation na impormasyon kapag pinayagan mo kaming makatanggap ng impormasyon sa pamamagitan ng lokasyon(o katulad) na mga setting sa device mo; (6) pagsangguni sa webpage o ibang pinagkunan kung saan mo na-access ang Mga Serbisyo. Kapag sumagot ka ng mga Survey sa online, nangongolekta kami ng mga natatanging katangian tungkol sa device mo para sa layunin ng pagtukoy at pag-iwas sa panloloko.

## 3. PAANO NAMIN KINOKOLEKTA ANG IMPORMASYON AT MGA LAYUNIN NG PAGPOPROSESO

Kinokolekta at ipinoproseso namin ang impormasyong ibinibigay mo sa amin at mula sa paggamit mo ng SMG Services. Ang impormasyong kinokolekta namin at kung paano namin ito ipinoproseso ay depende sa kung paano mo ina-access at ginagamit ang SMG Services.

**Mula sa Iyo.** Mangongolekta kami ng impormasyon mula sa iyo kapag ikaw ay:

- **Kumumpleto ng isang Survey**: Kokolektahin namin ang impormasyong isusumite mo sa mga sagot sa Survey tungkol sa mga karanasan at kagustuhan mo bilang mamimili. Maaari naming pagsamahin ang impormasyong natanggap sa mga sagot mo sa Survey sa impormasyong natatanggap namin mula sa aming mga Kliyente, tulad ng impormasyon tungkol sa pagkakaugnay mo sa mga loyalty program ng aming Mga Kliyente, para mas mabuting maunawaan ang mga karanasan mo bilang

mamimili. Maaari rin naming pagsamahin ang impormasyong natanggap sa mga sagot mo sa Survey sa impormasyong natanggap sa mga sagot sa Survey mula sa mga ibang gumagamit para mas mabuting maunawaan ang kabuuang mga karanasan ng mamimili. Kapag nakakumpleto ka ng isang Survey, ang impormasyong pipiliin mong ibigay sa amin ay gagamitin sa mga ulat at ang mga ibang pagsusuri ng mga karanasan ng mamimili at kagustuhan para sa mga Kliyente namin o para sa anumang ibang paggamit na isisiwalat namin sa iyo sa panahong makolekta ang impormasyon. Kung ayaw mong magamit ang impormasyon mo sa mga ulat, mga pagsusuri o kung hindi man ay maisiwalat sa iyo, maaaring piliin mong hindi kumpletuhin ang Survey.

- **Paggamit ng SMG Services.** Awtomatiko naming kinokolekta ang Paggamit ng Impormasyon kapag nakipag-ugnayan ka sa SMG Services sa pamamagitan ng paggamit ng mga cookie at ibang kasangkapan sa pangongolekta ng impormasyon. Ginagamit namin ang Impormasyon sa Paggamit na ito para pabilisin ang komunikasyon sa pagitan ng iyong device at aming mga system, maghatid ng mga Survey, siguruhin ang integridad ng Survey, tukuyin at pigilan ang panloloko, magsagawa ng market research, pangasiwaan at pahusayin ang aming website at mga application, at suriin ang paggamit ng at pabutihin at pagandahin ang SMG Services. Para malaman ang higit pa tungkol sa kung paano at bakit namin ginagamit ang mga cookie at mga katulad na kasangkapan sa pangongolekta ng impormasyon, tingnan ang seksyon ng “Patakaran sa Cookie” ng Patakaran sa Pagkapribado na ito.

- **Isumite ang Personal Mong Impormasyon Habang Ginagamit ang SMG Services:** Kapag isinumite mo ang iyong Personal na Impormasyon kaugnay ng paggamit ng SMG Services, tulad ng pakikipag-ugnayan sa amin para sa tulong o impormasyon o pagbibigay ng mga komento tungkol sa mga karanasan mo sa isa sa aming mga Kliyente, kokolektahin at susuriin namin ang isinumite mong impormasyon. Kapag nagbigay ka ng mga komento sa SMG, ang binigay mong impormasyon ay nakakatulong sa mga serbisyong binibigay namin sa aming mga Kliyente at sa aming kabuuang market research.

  Sa pahintulot mo, ang mga komento mo ay maaaring i-post sa TrumpetRatings.com at/o sa mga website ng aming mga Kliyente. Kapag nai-post na ang naturang impormasyon sa pampublikong forum, tulad ng TrumpetRatings.com o ibang mga website na maa-access ng pangkalahatang publiko, ang nasabing impormasyon ay magiging pampublikong impormasyon. Ang naisulat mo ay maaaring makita at/o makolekta ng mga ikatlong partido at maaaring gamitin ng ibang tao sa mga paraan na hindi namin makokontrol o mahuhulaan.

- **I-access ang SMG Services sa gamit ang mga Kredensyal sa Social Media:** Maaaring bigyan ka ng SMG ng oportunidad na gumamit ng mga serbisyo ng social networking (sa kabuuan, “**Mga Social Media**”) para ma-access ang partikular na SMG Services. Kapag pinili mong i-access ang SMG Services gamit ang mga kredensyal sa pag-log in sa Social Media, ang SMG, depende sa mga setting mo sa pagkapribado, ay maaaring magkaroon ng access sa impormasyon na ibinigay mo sa Social Media platform, tulad ng iyong pangalan, email address, larawan sa profile, mga post, mga komento at ibang impormasyon na kaugnay ng iyong Social Media account. Maaari naming gamitin ang impormasyong ito para sa anumang mga layuning inilarawan sa Patakaran sa Pagkapribado na ito at para sa anumang mga karagdagang layunin na sinabi sa iyo sa panahon na kinolekta ang impormasyon. Kung ayaw mong maibahagi ang iyong impormasyon sa Social Media sa SMG sa pamamagitan ng Social Media provider, hindi mo dapat gagamitin ang iyong mga Social Media account para i-access ang SMG Services.

**Mula sa aming Mga Kliyente.** Para sa ilang produkto at serbisyo namin, ang mga Kliyente namin ay maaaring magpadala sa amin ng impormasyon tungkol sa mga

interaksyon mo sa kanilang brand, produkto mga serbisyo, na maaaring maglakip ng impormasyon na kaugnay ng anumang mga loyalty program kung saan ka naka-enroll at impormasyon tungkol sa mga transaksyon mo sa aming Mga Kliyente. Maaaring isama namin ang impormasyong ito sa ibang impormasyon na kinokolekta namin para mapaganda ang market research na aming isinasagawa at mga serbisyo na ibinibigay namin para sa aming mga Kliyente.

## 4. MGA LEGAL NA BATAYAN SA PAGPPOROSESO

**4.1.** Ipoproseso namin ang iyong impormasyon sa pagkontak, demograpikong impormasyon at mga sagot sa mga Survey kapag kinumpleto mo ang isang Survey o gumamit ng SMG Services. Ipoproseso namin ang naturang Personal na Impormasyon batay sa mga lehitimong interes ng aming mga Kliyente sa pagkuha ng feedback mula sa kanilang mga mamimili para tulungan silang mapaganda ang kanilang mga produkto at serbisyo para sa benepisyo ng kanilang mga mamimili at kanilang mga negosyo, at batay sa mga lehitimong interes ng SMG sa pagpapaganda ng mga produkto, serbisyo at market research ng SMG at sa pagtugon sa mga hiling ng mga gumagamit para sa tulong o impormasyon.

**4.2.** Ipoproseso namin ang Impormasyon sa Paggamit mo kapag kinumpleto mo ang isang Survey o gumamit ng SMG Services. Ipoproseso namin ang Impormasyon sa Paggamit na ito batay sa kagustuhan mong magpatuloy sa Survey, pagkumpirma sa pahintulot mo sa paggamit ng SMG sa mga cookie at ibang pamamaraan sa pagkolekta ng impormasyon. Maaari mong bawiin ang pahintulot mo sa pamamagitan ng pagkontak sa aming Data Protection Officer sa pamamagitan ng email sa privacyofficer@smg.com o sa pagsulat sa Data Protection Officer, Service Management Group, LLC, 1737 McGee Street, Kansas City, MO 64108.

**4.3.** Maaari rin naming iproseso ang impormasyong ibinigay mo sa mga Social Media platform, depende sa mga setting mo sa pagkapribado, kapag gumamit ka ng mga serbisyo ng social networking kasabay ng SMG Services. Ipinoproseso namin ang nasabing impormasyon batay sa pahintulot mo, na ibinigay mo sa iyong mga setting sa pagkapribado sa serbisyo ng social networking. Maaari mong bawiin ang pahintulot mo sa pamamagitan ng pagpalit ng iyong mga setting sa pagkapribado para hindi na kami pahintulutang maka-access sa iyong Social Media na impormasyon.

**4.4.** Ipinoproseso namin ang impormasyong natanggap mula sa aming mga Kliyente patungkol sa mga interaksyon mo sa kanilang mga brand, produkto at mga serbisyo. Ipinoproseso namin ang nasabing impormasyon batay sa mga lehitimong interes ng SMG at Mga Kliyente ng SMG, kasama ang pagpapabuti at pagpapaganda sa mga produkto at serbisyo ng SMG at aming Mga Kliyente at pagpapahusay sa market research ng SMG.

## 5. PAANO NAMIN GINAGAMIT AT IBINABAHAGI ANG PERSONAL NA IMPORMASYON

Ang paggamit at pagbabahagi namin ng nakolekta naming impormasyon o ng ibinigay mo sa amin ay depende sa kung paano mo ginagamit o ina-access ang SMG Services. Kung inaatas ng batas, susunod ang SMG sa hiling mo na ihinto namin ang pagbibigay ng personal na impormasyon sa mga ikatlong partido.

- **Pakikipag-ugnayan sa Iyo.** Ang iyong Personal na Impormasyon ay gagamitin, kapag kinakailangan, para pamahalaan ang ating relasyon at makipag-ugnayan sa iyo gamit ang sulat, telepono, e-mail, mga mobile alert at SMS na text messaging. Maliban kung hayagang humiling ang sumasagot sa survey ng pakikipag-ugnayan, hindi makikipag-

ugnayan ang SMG sa sumasagot sa survey maliban kung kailangang makipag-ugnayan para patotohanan ang integridad ng survey, maghatid ng Mga Survey, magbigay ng mga gantimpala o benepisyong nakuha bilang resulta ng pagsagot ng survey, o para magbigay ng serbisyo sa kustomer. Bagaman hindi ginagamit ng SMG ang Personal mong Impormasyon para sa mga layunin ng direktang pagbebenta, dapat mong suriin ang Patakaran sa Pagkapribado ng kliyente kung para saan namin kinokolekta ang iyong Personal na Impormasyon para malaman kung ginagawa ito ng kliyente. Maaari naming ibahagi ang iyong Personal na Impormasyon sa mga provider ng serbisyo na tumutulong sa amin na pamahalaan ang aming relasyon sa iyo.

- **Pagsasagawa ng Mga Serbisyong Hiniling Mo.** Maaari naming gamitin at ibahagi ang iyong Personal na Impormasyom upang magsagawa ng mga serbisyo na iyong hiniling o mga gawain na iyong pinasimulan, tulad ng kapag nag-post ka ng impormasyon at mga materyales sa mga board ng mensahe, mga forum, o sa aming mga page ng Social Media. Bilang karagdagan, kapag binigyan mo kami ng pahintulot, maaari naming isiwalat ang iyong Personal na Impormasyon upang makilala ka sa sinuman kung kanino ka nagpadala ng mga pakikipag-ugnayan sa pamamagitan ng SMG Services. Dagdag dito, maaari naming gamitin at ibahagi ang iyong Personal na Impormasyon sa mga ikatlong partido upang magbigay ng mga gantimpala at ibigay ang mga benepisyo na iyong hiniling at nakuha sa pamamagitan ng pagsagot ng Mga Survey. Kung pinili mong lumahok sa sweepstakes o iba pang promosyon, ipapadala namin ang iyong impormasyon sa mga tagapangasiwa ng ikatlong partido ng mga promosyon na iyon, upang masagot nila ang iyong mga tanong o makipag-ugnayan sa iyo tungkol sa isang premyo na iyong napanalunan o iba pang mga isyu na may kaugnayan sa promosyon.

- **Pag-analisa sa Paggamit ng at Pagpapahusay sa SMG Services.** Ginagamit namin ang Personal na Impormasyon na nakolekta mula sa mga cookie at iba pang mga paraan sa pagkolekta ng impormasyon para sa analytics ng paggamit, pagtukoy sa panloloko, at pagpapabuti sa kakayahan para sa SMG Services. Maaari naming gamitin ang mga serbisyo ng analytics ng website ng ikatlong partido upang pag-aralan kung paano ginagamit ng mga indibidwal ang SMG Services, kabilang ang, upang irekord ang mga pag-click ng mouse, mga paggalaw ng mouse, aktibidad ng pag-scroll, at text na iyong tina-type sa mga free-form na kahon ng text. Ginagamit namin ang impormasyon na nakolekta mula sa mga serbisyong ito ng ikatlong partido upang matulungan kaming mas mabuting maunawaan kung paano nakikita at ginagamit ng aming mga user ang SMG Services, upang mapahusay ang aming mga serbisyo, at upang mapabuti ang iyong karanasan bilang gumagamit.

- **Pagbabahagi ng Impormasyon sa Ibang Tagapagbigay ng Serbisyo.** Maaari naming ibahagi ang iyong impormasyon, kabilang ang iyong Personal na impormasyon, sa iba pang mga tagapagbigay ng serbisyo na ginagamit namin upang maisagawa ang mga gawain na dahilan ng aming pakikipag-ugnayan sa kanila, tulad ng pagho-host, storage ng impormasyon, at seguridad. Maaari rin naming ibahagi ang iyong Personal na Impormasyon kung kinakailangan upang mapatakbo ang iba pang kaugnay na SMG Services, tulad ng mga rating at mga review ng mga website na aming pinapatakbo.

- **Pagbabahagi ng Impormasyon sa Mga Kliyente.** Kung iaa-access mo ang SMG Services upang sumagot ng isang Survey tungkol sa iyong karanasan bilang mamimili sa isa sa aming Mga Kliyente, ibinabahagi namin ang Personal na Impormasyon na kinolekta namin mula sa iyo tungkol sa iyo at kaugnay ng iyong mga sagot sa Survey sa Kliyenteng iyon. Maaari rin naming gamitin ang Personal na Impormasyon na ito upang makuha ang pananaw sa market research at magbigay ng analytics sa pag-uugali ng mamimili at katalinuhan sa negosyo sa aming Mga Kliyente. Para sa impormasyon tungkol sa kung paano ginagamit, pinoprotektahan at kung hindi man ay

pinoproseso ng Kliyente kung para kanino namin tinitipon ang iyong Personal na Impormasyon, basahin ang patakaran sa pagkapribado ng naturang Kliyente. Maaari rin namin at ng aming Mga Kliyente pagsamahin ang iba't ibang uri ng impormasyon, kabilang ang Personal na Impormasyon na nakolekta namin mula sa iyo o tungkol sa iyo, ng aming Kliyente o mga mapagkukunang ikatlong partido. Maaaring gamitin ng SMG ang pinagsamang impormasyon para sa anumang mga layuning inilarawan sa Patakaran sa Pagkapribado, at maaaring gamitin ng aming Mga Kliyente ang pinagsamang impormasyon para sa anumang mga layunin na inilarawan sa kanilang mga patakaran sa pagkapribado.

- **Pagsunod sa Mga Legal na Obligasyon at Pagpapatupad ng Mga Legal na Karapatan.** Maaari rin naming ibahagi ang impormasyong kinolekta namin mula sa iyo, kung kinakailangan, upang ipatupad ang aming mga karapatan, protektahan ang aming ari-arian o protektahan ang mga karapatan, ari-arian o kaligtasan ng iba, o kung kinakailangan upang suportahan ang mga gawain sa panlabas na pag-audit, pagsunod, at pamamahala ng korporasyon. Isisiwalat namin ang Personal na Impormasyon bilang itinuturing namin na kinakailangan upang tumugon sa isang subpoena, umiiral na utos ng isang awtoridad ng proteksyon ng impormasyon o hukom, prosesong legal, kahilingan ng pamahalaan o anumang iba pang legal o regulasyon na obligasyon, sa bawat kaso ito ay maaaring isang entidad sa labas ng iyong bansa ng paninirahan. Maaari rin naming ibahagi ang Personal na Impormasyon kung kinakailangan upang ituloy ang mga magagamit na solusyon o limitahan ang mga pinsala na maaari naming matamo.
- **Paglipat ng Impormasyon Kaugnay ng Mga Pagbabago sa Kumpanya.** Maaari naming ilipat ang impormasyon tungkol sa iyo, kabilang ang Personal na Impormasyon, na may kaugnayan sa anumang aktwal o nalalapit na reorganisasyon, pagsasanib ng kumpanya, pagbebenta, pakikipagsosyo sa negosyo, pagtatalaga, paglipat, pagkuha o iba pang pagbabago ng pagmamay-ari o kontrol sa pamamagitan ng o ng SMG o anumang kaanib na kompanya (sa bawat kaso kung sa kabuuan man o bahagi lang), kabilang ang, nang walang limitasyon, na may kaugnayan sa anumang pagkabangkarote o katulad na pamamaraan. Anumang naturang entidad kung saan namin ililipat ang Personal na Impormasyon ay kinakailangang magbigay sa iyo ng paunawa ng anumang mga layunin ng pagproseso na hindi katugma sa mga layuning nakalahad sa Patakaran sa Pagkapribado na ito, pati na rin ang anumang mga kaugalian sa pagkapribado na naiiba kaysa sa mga kaugalian na nakalagay sa Patakaran sa Pagkapribado na ito. Kung inaatas ng batas, ang naturang kumpanya ay aatasan ding magkaroon ng pahintulot mo.
- **Paggamit ng Personal na Impormasyon para sa Mga Ibang Layunin ng Negosyo.** Ginagamit din namin ang iyong Personal na Impormasyon para sa mga ibang lehitimong layunin sa negosyo, tulad ng pagpapaunlad ng produkto at serbisyo at administrasyon ng SMG Services.

## 6. PAG-IINGAT AT PAGTATAPON NG PERSONAL NA IMPORMASYON

Iingatan namin ang iyong Personal na Impormasyon sa mga rekord namin nang hindi mas matagal kaysa sa kinakailangan para sa orihinal na layunin kung bakit ito kinolekta. Kapag ang nasabing impormasyon ay hindi na kailangan para sa layunin kung bakit ito orihinal na kinolekta, ligtas naming buburahin ang lahat ng iyong elektronikong Personal na Impormasyon at ligtas na pupunitin ang anumang papel na kopya ng Personal na Impormasyon, maliban kung ano ang kailangan para sumunod sa aming mga legal na obligasyon.

## 7. ANG MGA KARAPATAN AT PAGPILI MO PATUNGKOL SA PAGPOPROSESO NG

PERSONAL NA IMPORMASYON

Maaari mong ihinto ang paglahok sa Mga Survey sa anumang oras sa pamamagitan ng hindi na pag-access sa SMG Services.

Kung naninirahan ka sa isang lokasyon na may mga batas o regulasyon na nagbibigay sa iyo ng mga karapatan upang humiling ng mga partikular na pagkilos na may kaugnayan sa iyong Personal na Impormasyon, magkakaroon ka ng mga partikular na karapatan na ipinagkaloob sa iyo ng naturang mga [mga] batas o [mga] regulasyon, na maaaring kasama ang karapatan na humiling ng access sa at pagwawasto (hal., susog o suplemento) o pagbubura ng iyong Personal na Impormasyon, ang karapatan na ilipat ang iyong impormasyon (ibig sabihin, maaaring dalhin ang impormasyon), paghihigpit sa pagproseso ng iyong Personal na Impormasyon, pati na rin ang karapatang ipagbawal ang pagproseso ng ang iyong Personal na Impormasyon, ang karapatang bawiin angiyong pahintulot, ang karapatang kanselahin ang iyong account, at ang karapatang magsumite ng reklamo sa isang awtoridad na namamahala. Lahat ng mga nasabing hiling ay pamamahalaan ayon sa mga sukatang itinakda sa mga naaangkop na batas at regulasyon.

Kung naninirahan ka sa European Union, mayroon kang karapatan sa ilalim ng General Data Protection Regulation upang humiling mula sa SMG ng access sa at pagwawasto o pagtatanggal ng iyong personal na impormasyon, maaaring dalhin na impormasyon, paghihigpit sa pagproseso ng iyong personal na impormasyon, ang karapatang ipagbawal ang pagpoproseso ng iyong personal na impormasyon, ang karapatang bawiin ang iyong pahintulot, at ang karapatang magsampa ng reklamo sa isang awtoridad na namamahala.

Kung nakatira ka sa labas ng European Union, maaari ka ring magkaroon ng ilang karapatan sa impormasyon sa ilalim ng mga lokal mong batas.

Para gawin ang nasabing paghiling, kontakin ang aming Data Protection Officer sa pamamagitan ng email sa privacyofficer@smg.com o sa pamamagitan ng pagsulat sa Data Protection Officer, Service Management Group, LLC, 1737 McGee Street, Kansas City, MO 64108.

## 8. **MGA KAHIHINATNAN**SA HINDI PAGBIBIGAY NG PERSONAL NA IMPORMASYON

Kahit na ang paglahok sa aming mga Survey ay kusang-loob, hindi ka maaaring maging kwalipikado para sa ilang mga insentibo, gantimpala, o benepisyo kung hindi mo ibibigay ang lahat ng impormasyon na hiniling ng isang Survey.

## 9. PATAKARAN SA MGA COOKIE

### 9.1. Ano ang Mga Cookie

Gumagamit ang SMG at ang aming mga tagapagbigay ng serbisyo ng maliliit na text file na tinatawag na mga cookie. Ang "**Mga Cookie**" ay mga maliliit na computer file na ipinapadala o ina-access mula sa iyong web browser o sa hard drive ng iyong kompyuter, mobile device o tablet na naglalaman ng impormasyon tungkol sa iyong kompyuter, tulad ng user ID, mga setting ng gumagamit, kasaysayan ng pag-browse, at mga aktibidad na isinagawa habang ginagamit ang Mga Serbisyo. Ang Cookie ay karaniwang naglalaman ng domain name (lokasyon sa internet) kung saan nagmula ang Cookie, ang "haba ng buhay" ng Cookie (iyon ay, kung kailan ito mag-e-expire), at random na ginawang bukod-tanging numero o pangkilala. Ang mga Cookie ay maaaring maugnay sa Personal na Impormasyon.

### 9.2. Paano Namin Ginagamit ang Mga Cookie at Mga Kagamitan sa Pangongolekta ng Impormasyon

Tinutulungan kami ng Mga Cookie na mapabuti ang SMG Services sa pamamagitan ng

pagsubaybay sa iyong mga nakagawian sa pag-navigate, at pag-customize ng iyong karanasan sa SMG Services. Pinahihintulutan kami nito na maanalisa ang mga teknikal at pang-navigate na impormasyon tungkol sa SMG Services at tinutulungan kaming matukoy at maiwasan ang panloloko.

Gumagamit din kami ng Mga Cookie at ibang Mga Kagamitan sa Pangongolekta ng Impormasyon (tulad ng mga web beacon at server log), na sa kabuuan ay tinawatawag namin bilang "**Mga Kagamitan sa Pangongolekta ng Impormasyon**", para matulungang mapaganda ang karanasan mo sa SMG Services– halimbawa, sa pag-aalala kung kailan ka bumalik para bisitahin kami, at gawing mas makabuluhan ang nilalamang nakikita mo.

Maaari ring gumamit ang SMG Services ng Mga Kagamitan sa Pangongolekta ng Impormasyon para kumolekta ng impormasyon mula sa device na ginagamit mo para ma-access ang SMG Services, tulad ng uri ng operating system mo, uri ng browser, domain at mga ibang setting ng system, pati na ang wikang ginagamit ng system mo at bansa at time zone kung saan naroon ang device mo.

### 9.3. Ang Kontrol mo Sa Mga Cookie

Nagpapahintulot ang mga web browser ng kaunting kontrol ng karamihan sa Mga Cookie sa pamamagitan ng mga setting ng browser. Ang ilang mga web browser (kabilang ang mga mobile web browser) ay nagbibigay ng mga setting na nagpapahintulot sa iyong tanggihan ang Mga Cookie o alertuhin ka kapag may nilagay na Cookie sa iyong kompyuter, tablet, o mobile device. Maaari mong tanggihan ang mga pangkilala ng mobile device sa pamamagitan ng pagpapagana sa angkop na setting sa iyong mobile device. Bagaman hindi mo kailangang tanggapin ang Mga Cookie o pangkilala ng mobile device ng SMG, kapag na-block mo o tinanggihan ang mga ito, maaari hindi ka magkakaroon ng access sa lahat ng mga tampok na magagamit sa pamamagitan ng SMG Services. Bilang karagdagan, kung nakatira ka sa isang hurisdiksiyon na inaatasan kaming kunin ang pahintulot mo na gamitin ang mga cookie sa aming mga website at/o aplikasyon, magkakaroon ka ng pagkakataong pamahalaan ang mga kagustuhan mo sa cookie sa mga website na iyon at/o mga aplikasyon; maliban na ang ilang mga cookie ay kailangan para paganahin ang pangunahin na paggana ng mga nasabing website at aplikasyon at hindi mo mapipiling hindi paganahin ang mga cookie na iyon.

## 10. PAMAMAHALA NG IMPORMASYON NG IYONG ACCOUNT

Maaari kang bumisita sa seksiyon ng account ng angkop na SMG Service para pamahalaan at itama ang mga ayon sa katotohanang kamalian sa impormasyong mayroon kami tungkol sa iyo. Kung may mga tanong ka tungkol sa kung paano maa-access o maitatama ang iyong Personal na Impormasyon, makipag-ugnayan sa aming Data Protection Officer sa pamamagitan ng email sa privacyofficer@smg.com o sa pagsulat sa Data Protection Officer, Service Management Group, LLC, 1737 McGee Street, Kansas City, MO 64108.

## 11. PRIVACY NG MGA BATA

Nakalaan ang SMG Services para sa mga pangkalahatang madla at hindi dinidirekta sa mga bata na wala pa sa edad kung saan maaari silang magbigay ng pahintulot sa pagproseso ng kanilang Personal na Impormasyon sa anumang hurisdiksiyon kung saan kami may operasyon. Hindi namin sinasadyang mangolekta ng Personal na Impormasyon mula sa mga nasabing tao. Kapag nalaman mo na ang isang bata na wala pa sa edad kung saan siya ay maaaring legal na magbigay ng pahintulot sa pagproseso ng kanyang Personal na Impormasyon ay nagbigay sa amin ng Personal na Impormasyon nang walang pahintulot mula sa magulang, makipag-ugnayan sa aming Data Protection Officer gamit ang email sa privacyofficer@smg.com o sa pamamagitan ng pagsulat sa Data Protection Officer, Service Management Group, LLC, 1737 McGee Street, Kansas City, MO 64108. Kapag nalaman namin na ang isang bata na wala pa sa edad kung saan siya ay maaaring magbigay ng pahintulot sa pagproseso ng Personal na Impormasyon sa kanyang hurisdiksiyon ay nagbigay

sa amin ng Personal na Impormasyon nang walang pahintulot mula sa magulang, magsasagawa kami ng mga hakbang para alisin ang nasabing impormasyon at isara ang account ng bata sa lalong madaling panahon.

## 12. MGA LINK SA MGA SERBISYO NG THIRD PARTY

Ang SMG Services ay maaaring maglaman ng mga link sa mga website ng ikatlong partido at mga serbisyo ("**Mga Serbisyo ng Ikatlong Partido**") kung saan walang pagsapi ang SMG. Ang anumang link sa Serbisyo ng Ikatlong Partido ay hindi nangangahulugan na ineendorso namin ito o ang kalidad o kawastuhan ng impormasyong ipinakikita rito. Kung magpasya kang bumisita sa Serbisyo ng Ikatlong Partido, sasailalim ka sa mga kasanayan nito sa privacy at hindi ang mga kasanayan sa privacy na itinakda sa Patakaran sa Privacy na ito.

## 13. SEGURIDAD NG IMPORMASYON

Ang SMG ay may programa sa seguridad ng impormasyon na nagpapatupad ng mga teknikal, pisikal, at pang-organisasyon na pamamaraan na idinisenyo upang makatulong sa pagpapanatili ng seguridad at pagiging kumpidensyal ng Personal na Impormasyon; magprotekta laban sa mga inaasahang banta sa pagiging kompidensyal, integridad at pagkakaroon ng Personal na Impormasyon; at protektahan ang iyong Personal na Impormasyon laban sa pagkawala, maling paggamit, hindi awtorisadong pagbabago o pagsira, at hindi awtorisadong pag-access o pagsisiwalat.

Subalit, sa tuwing ipinoproseso ang Personal na Impormasyon, may peligro na ang nasabing impormasyon ay mawala, gamitin sa maling paraan, mabago, ma-hack, ma-breach, at/o kung hindi man ay ma-access ng hindi pinahihintulutang ikatlong partido. Walang sistema o online na pagpapadala ng impormasyon na lubusang ligtas. Bilang karagdagan sa teknikal, pisikal at pang-organisasyong pamamaraan na itinalaga ng SMG para protektahan ang inyong Personal na Impormasyon, dapat kang gumamit ng mga angkop na pamamaraang panseguridad para protektahan ang iyong Personal na Impormasyon. Kung naniniwala ka na ang iyong SMG account o anumang impormasyong ibinigay mo sa amin ay hindi na ligtas, abisuhan agad ang aming Data Protection Officer sa pamamagitan ng email sa privacyofficer@smg.com o pagtawag sa 1-800-764-0439 at hilinging makipag-usap sa Data Protection Officer ng SMG.

## 14. MGA HEOGRAPIKONG KONSIDERASYON AT CROSS-BORDERNA PAGLILIPAT NG PERSONAL NA IMPORMASYON

Kinokontrol at pinatatakbo ng SMG ang SMG Services mula sa Estados Unidos. Maaaring ilipat, itago at iproseso ng SMG ang iyong Personal na Impormasyon sa Estados Unidos, sa United Kingdom, Japan, o ibang lokasyon sa Asya o sa European Union. Tandaan na ang mga batas sa proteksyon ng impormasyon at privacy ng bansa kung saan nilipat ang iyong Personal na Impormasyon ay maaaring hindi kasing kumprehensibo ng mga batas sa bansa ninyo.

Halimbawa, ang Personal na Impormasyon na inilipat sa Estados Unidos ay maaaring sumailalim sa naaayon sa batas na paghiling ng access ng pederal at pang-estadong awtoridad sa Estados Unidos.

Ang anumang pagpapadala ng Personal na Impormasyon mula sa European Economic Area ("EEA") sa Estados Unidos ay ginagawa alinsunod sa EU-US Privacy Shield. Lumalahok at sumusunod ang SMG sa mga prinsipyo ng EU-U.S.Privacy Shield patungkol sa pagkolekta, paggamit, pagbabahagi at pagtatago ng Personal na Impormasyon mula sa EEA, ayon sa inalalarawan sa aming EU-US Privacy Shield na sertipikasyon. Tingnan ang listahan ng Privacy Shield dito. Alamin pa ang tungkol sa Privacy Shield dito. Sumasailalim ang SMG sa pamamahala ng US Federal Trade Commission, at mananatiling responsable sa pagproseso ng Personal na Impormasyon sa paraan na alinsunod sa Mga Prinsipyo ng Privacy Shield ng

mga ikatlong partido kung saan inilipat ng SMG ang personal na impormasyon maliban kung napatunayan ng SMG na hindi ito, sa anumang paraan, responsable sa kaganapang nagdudulot ng pinsala. Anuman at lahat ng nasabing paglilipat ng Personal na Impormasyon sa labas ng EEA ay naaayon sa Patakaran sa Privacy na ito at lahat ng angkop na batas. Kung may reklamo ka tungkol sa aming pagsunod sa Privacy Shield, makipag-ugnayan sa aming Data Protection Officer sa pamamagitan ng email sa privacyofficer@smg.com o pagsusulat sa Data Protection Officer, Service Management Group, LLC, 1737 McGee Street, Kansas City, MO 64108. Maaari ka ring maghain ng reklamo, nang libre, sa napili naming independiyenteng lupon sa paglulutas ng mga pagtatalo, ang American Arbitration Association, at sa ilang pangyayari ay ipatupad ang proseso ng arbitrasyon ng Privacy Shield.

Ang nasa wikang-Ingles na Patakaran sa Privacy na ito ay ang opisyal na pahayag ng SMG hinggil sa mga kasanayan nito sa privacy na kaugnay ng SMG Services. Kung sakaling may anumang hindi pagkakapareho ng wikang-Ingles na Patakaran sa Privacy na ito at anumang pagsasalin sa ibang wika, mananaig ang wikang-Ingles na dokumentong ito.

## 15. PAANO KAMI KOKONTAKIN

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa privacy, kailangan ng tulong sa pag-access o pag-update ng iyong Personal na Impormasyon o may mga reklamo patungkol sa pagproseso ng iyong Personal na Impormasyon, makipag-ugnayan sa aming Data Protection Officer gamit ang email sa privacyofficer@smg.com.

Maaari mo rin kaming sulatan sa:

Service Management Group, LLC Attn: Data Protection Officer 1737 McGee Street
Kansas City, MO 64108

Service Management Group, Ltd. Attn: Data Protection Officer
38-40 The Maltings St Albans
Hertfordshire AL1 3HL UNITED KINGDOM

Service Management Group G.K. Attn: Data Protection Officer
2-7-16 No. 3 Komoriya Building 9F Hamamatsu-cho, Minato-ku
Tokyo 1050013, Japan

## 16. CONTROLLER NG IMPORMASYON AT OPISYAL NG PAGPROTEKTA NG IMPORMASYON

Ang Personal na Impormasyon na kinokolekta ng SMG ay kontrolado ng Service Management Group, LLC, 1737 McGee Street, Kansas City, MO 64108. Maaari mong kontakin ang aming Data Protection Officer sa pamamagitan ng email sa privacyofficer@smg.com o sulat sa Data Protection Officer, Service Management Group, LLC, 1737 McGee Street, Kansas City, MO 64108.